Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmarian na Simbahan

# Order ng mga Carmelite ng Banal na Mukha

## Ang Desenteng Kristiyanong Panuntunan sa Pananamit para sa pagbisita sa Katedral Basilica ng Ating Koronadang Ina ng Palmar

Upang maunawaan ang mga panuntunan para sa pananamit sa Palmaryanong Simbahan ay importanteng alalahanin ang mga panahon na ipinagbabawal ng tunay na Simbahan (nang mga panahong iyon, ang Romanong Simbahan) ang pagpasok sa mga simbahan na nakadamit kontra sa pamantayan ng pagiging desenteng Kristiyano.

Ang Palmaryanong Simbahan, sa ngayon ang Tunay na Simbahan ni Kristo, ay ipinag-uutos sa lahat ng mananampalataya nito, maging doon sa hindi, na pumasok sa simbahan na perpekto ang pananamit alinsunod sa pamantayan ng pagiging desenteng kristiyano.

Maaaring sabihin ng iba na ang panahon ay nagbabago at dapat tayong makibagay sa mga pagbabagong ito, pati na sa paraan ng ating pananamit.

Subali't dapat nating ipakita sa sangkatauhan na hindi ang Diyos ang dapat makibagay sa uso ng tao, subali't ang tao ang dapat makibagay sa mga batas na ipinag-uutos ng Diyos.

Hindi maabot ng isip na matutuwa ang Diyos para ang tao ay pumasok ng Simbahan na hindi sumusunod sa pamantayan ng pagignig desenteng kristiyano; Ganap na kabaliktaran, ito ay nakakainsulto sa Kanya nang labis. Upang maiwasang pumasok sa simbahan ang mga taong hindi desente ang pananamit, ang Palmaryanong Simbahan ay gumagamit ng pangkalahatang pamantayan na dapat ay irespeto upang makapasok sa Palmaryanong mga Kapilya at paligid nito.

# Mga pamantayan ng damit ng Mga Lalake



## Pantalon

Ang mga lalake ay dapat laging nakasuot ng mahabang pantalon. Dapat ay hindi hapit, nababakat o naaaninag.

## Medyas

Kahit na anong edad, ang mga lalake ay obligadong magsuot ng medyas na natatakpan ang kahit hanggang bukong-bukong.











## Polo o damit pang-itaas

Dapat ay mahaba ang manggas hanggang sa pagitan ng kamay at braso, nakabutones lahat hanggang kolar, para ang braso at dibdib ay kumpletong natatakpan hanggang sa pagitan ng leeg at balikat. Dagdag pa, ang polo o damit pang-itaas ay dapat hindi hapit, nababakat o naaaninag.



## *Doon sa ang edad ay mababa sa katorse*

Maaari silang magsuot ng maikling pantalon na natatakpan ang tuhod, subali't sa lahat ng iba pa ay tulad ng disiplina sa nakatatanda sa kanila.

## Buhok

Hindi ito kinakailangang mahaba, may kulay o nakatayo sa dulo. Hindi rin maaaring magsuot ng hikaw o magpabutas ng katawan o magkaroon ng tattoo.





## Jeans o Pantalong Maong

Ang maong na pananamit ay maaaring isuot, subali't hindi sa pagpasok sa Bakuran ng Palmar o iba pang mga Kapilyang pag-aari ng Banal a Katoliko Palmaryanong Simbahan.



## Sapatos

Ang mga sapatos na pang-isports ay maaaring isuot, subali't hindi sa pagpasok sa Bakuran sa Palmar at higit sa lahat sa Simbahan.




## Mga Desenyo, mga letra at mga logo

Ipinagbabawal ang pagsuot ng damit pang-ibabaw na may anumang uri ng malaking mga letra o desenyo (hayop, sasakyan…)
o brand name o logo.



## Sumbrero

Upang pumasok sa Banal na Lugar ng Lentisco, ang tao ay dapat magkaroon ng kanyang ulo walang takip.

# Mga Babae



## Damit

Mga Damit (Dress) Hindi dapat ang masisikip, naaaninag, at ang laylayan ng damit kailangang hanggang sa may bukung-bukong, mula edad sampu pataas.

## Palda

Palda Hindi dapat deretso ang tabas o "tube skirts" at gindi masikip, at naaaninag at ang laylayan ng damit ay kailangang hanggang bukung-bukong, mula edad sampu pataas.





## Blusa

Dapat ay mahaba ang manggas hanggang sa pagitan ng kamay at braso, at dapat natatakpan hanggang sa pagitan ng leeg at balikat para maiwasan ang pagiging haka.  Dapat ay hindi rin ito hapit, nababakat o naaaninag.

## Medyas / Stockings

Medyas o Stockings Mga babae ay kailangang magsuot ng medyas o stockings o tights kahit anong klaseng materyal na hindi naaaninag, at natatabingan ang bukung-bukong o kalamnan ng binti.





## Sa mga mababa ang edad sa Sampu

Sa mga mababa ang edad sa Sampu, kailangang magsuot ng medyas na natatabingan Hanggang bukung-bukong, subalit sa ibang bagay kailangan silang sumunod sa kaparehong disiplina katulad ng mga nakatatanda. Gayunpaman ang mga edad na ito ay maaaring magsuot ng stockings o tights kung kanilang nanaisin. Maaari silang magsuot ng damit (dress) o palda na may haba malapit sa paa kesa sa tuhod, yan ay matatabingan ng sobra sa kalahati ang binti.

## Belo

Upang pumasok sa Banal na Lugar ng Lentisco, ang babae ay dapat pumunta sa ulo na may takip.





## Sapatos

Sapatos Ang pang Sports o panggym na sapatos o sapatos na may matataas na takong ay hindi pwedeng isuot sa pagpasok sa Presinto ng Simbahang Palmaryana gayundin sa loob ng Katedral Basilica.



## Pantalon

Kahit na sa anumang dahilan ang babae ay hindi maaaring magsuot ng pantalon, dahil ang damit na ito ay naaayon lamang sa lalake.



## Jeans o Pantalong Maong

Ang Pagsuot ng Maong ay hindi pinahihintulutan sa pagpasok sa Sagradong Presinto ng Simbahang Palmaryana.

## Mga Desenyo, mga letra at mga logo

Ipinagbabawal ang pagsuot ng damit pang-ibabaw na may anumang malaking mga letra, mga desenyo (hayop, sasakyan…) o brand name o logo.



Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmarian na Simbahan

**Order ng mga Carmelite ng Banal na Mukha**

---

## Holy Palmarian See


Residence: (Address)

«Finca de Nuestra Madre del Palmar Coronada»
Avenida de Jerez, Nº 51,
41719 El Palmar de Troya, Sevilla, España

Para sa karagdagang impormasyon, sumulat o bumisita sa aming Web Page:

Orden de los Carmelitas de la Santa Faz,
Apartado de Correos 4058, 41080 Sevilla
(España)

o visite nuestra pagina web:
**www.palmaryanongsimbahan.org**



Published in the General Secretariat
of the Palmarian Christian Church.

2023